


# Kindy sa Queensland

## Ano ang kindy?

Ang Kindergarten, kilala bilang kindy, ay bahagi ng programang educational pang-edukasyon para sa mga bata sa taon bago sila pumasok sa Prep (ang unang taon sa paaralan Queensland). Ang kindy ay isang lugar kung saan ang iyong anak ay matututo sa pamamagitan ng mga karanasan at pakikipag-ugnayan sa paglalaro na magsusuporta sa kanilang maagang pagkatuto, kapakanan at pag-uunlad

Sa pamamagitan ng pakikisali sa kindy, ang mga bata ay magkakaroon ng pagkakagusto sa pagkakatuto at masusuportahan sa kanilang paglilipat sa Prep.

Ang mga programang kindy na aprobado ng Pamahalaan ng Queensland ay ipapatupad ng isang kwalipikadong guro sa early childhood. Ang mga programang kindy ay maaaring ihandog sa mga early childhood education centres; piniling rural at malalayo at iba pang piniling state schools kung saan nagkaroon ng mga balakid sa pagagamit ng kindergarten; at sa  distance education o eKindy para sa ilang mga bata na hindi nakakagamit ng isang centre.

## Pagkakatuto sa kindy

Ang kindy ay nagbibigay sa mga musmos na mga bata ng mga pagkakataon na:

- gumamit ng wika sa pagpahayag ng mga ideya, damdamin at pangangailangan
- magkakaroon ng mga kaibigan ugnayan at pakikipagtulungan sa iba
- matukoy ang mga isyu at magkakaroon ng mga kasanayan sa paglutas ng mga problema
- magiging mas may-tiwala sa sarili at independiyente sa kanilang kakayahan
- makipag-ugnay, maggalugad at makibahagi sa kanilang mundo
- paunlarin ang kanilang kaalaman at maggalugad ng mga bagong ideya, na nagpapaunlad sa kanilang paniniwaia sa sarili.

Nalaman ba ninyo?

**Free KINDY from 2024**

Free KINDY

Queensland Government

# Paano magpatala

Sa Queensland, ang mga bata ay maaaring makisali sa kindy sa taon na bago sila pumasok sa Prep.

Bawat serbisyo ng childcare ay naiiba at ang ilan ay maaaring may listahan ng mga naghihintay (waiting list), () kaya magandang ideya na makipag-usap sa iyong napiling tagapag-bigay ng serbisyo tungkol sa pinakamagandang pagpapatala ng iyong anak

Ang iyong anak ay dapat may 4 na taong gulang sa ika-30 ng Hunyo sa taon na sila ay nagpapatala upang makasali sa kindy.

| Ang batang isinilang | Ang bata ay maaaring pumasok sa kindy |
|---|---|
| Ika-1 ng Hunyo 2019 hanggang ika-30 ng Hunyo 2020 | 2024 |
| Ika-1 ng Hunyo 2020 hanggang ika-30 ng Hunyo 2021 | 2025 |
| Ika-1 ng Hunyo 2021 hanggang ika-30 ng Hunyo 2022 | 2026 |
| Ika-1 ng Hunyo 2022 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023 | 2027 |
| Ika-1 ng Hunyo 2023 hanggang ika-30 ng Hunyo 2024 | 2028 |
| Ika-1 ng Hunyo 2024 hanggang ika-30 ng Hunyo 2025 | 2029 |

Ano ang mga kailangan sa pagpapatala ng iyong anak:

- ang pangalan ng iyong anak at lugar ng tirahan
- ang iyong detalye bilang kanilang magulang, tagapag-alaga o tagapagtanggol
- mga detalye ng anumang mga bilin ng korte o parenting orders o mga plano
- mga detalye ng anumang mga  karagdagang mga kinakailangang mga suporta (hal: kapansanan, food allergies o iba pang mga pangangailangan)
- katibayan sa petsa ng pagkasilang (hal. birth certificate)
- katayuan sa kalusugan at pagbabakuna
- mga detalye ng mga taong pinapayagang sumundo sa iyong anak at kung sino ang matawagan sa oras ng emerhensya.

Ang iyong serbisyo ay magtatago sa impormasyong ito bilang kompidensyal ikaw ay may lubos na paggamit sa mga ulat tungkol sa iyong anak.

Magtanong sa iyong lokal na kindy provider tungkol sa

**Free KiNDY from 2024**

# Pagpipili sa isang programa ng kindy

Ang lahat ng mga bata sa Queensland ay kwalipikado na sumali sa isang aprobadong programa ng kindergarten sa taon na bago sila pumasok sa Prep.

Ang aprobadong programa ng kindergarten ay nakakatupad sa mga pamatnubay ng pamahalaan, at ito ay:

- isang programa ng pagkatuto na ibinibigay ng mga kwalipikadong guro ng early childhood, sang-ayon sa mga pamatnubay ng pamahalaan
- kadalasang ibinibigay sa 15 oras kada linggo, 40 linggo kada taon, para sa mga bata ng isang taon bago pumasok ng Prep
- sang-ayon sa pamatnubay ng pagkatuto sa kindergarten ng Queensland kindergarten o ibang akreditadong programa ng pagkakatuto ng Queensland Curriculum and Assessment Authority.

Upang makakatulong sa pagkakilala ng isang programa na aprobado ng Pamahalaan ng Queensland, tingnan ang ‘kindy tick of approval’, na katulad ng imahe sa ibaba.

FREE Kindergarten Approved Program

Queensland Government

# Libreng Kindy magsimula sa 2024

Ang Pamahalaan ng Queensland ay Government ay ginagawang libre ang kindy sa lahat ng mga pamilya ng Queensland.

Ang kindy ay magiging libre sa mga nasa kwalipikado ang edad na mga bata na pumapasok sa mga aprobado ng pamahalaan na programa na nagbibigay ng libreng kindy mula sa ika-1 ng Enero 2024.

Ito ay 15 oras kada linggo, 40 linggo kada taon, na libreng kindy na ituturo ng isang kwalipikadong guro ng early childhood.

Maaaring pumili ang mga pamilya ng isang kindy na sessional kindergarten o kindergarten na long day care.

Hanapin ang pinakamalapit na kindy, bumisita sa:
**www.qld.gov.au/FreeKindy**

230233